

sfac san francisco arts commission

Mga Panukalang Sining para sa Bagong Southeast Community Center sa 1500 Evans Proyekto sa Pampublikong Sining na Iskultura sa Plasa (Plaza Sculpture Public Art Project)

Mga Panukalang Petsa ng Pagtatanghal:

Disyembre 6 - 13, 2019 sa
Southeast Community Facility

1800 Oakdale Avenue
San Francisco, CA 94124

Mga Oras: Lunes-Biyernes 8am-5pm

5075 Third Street

San Francisco, CA 94124

Mga Oras: Lunes 10am-6pm

Martes, Miyerkules, Huwebes 10am-8pm

Biyernes, 1-6pm; Sabado 10am-6pm;

Linggo 1-5pm

Disyembre 13 - 20, 2019 sa

Bayview/Linda Brooks-Burton Library

KABUUANG BALANGKAS NG PROYEKTO:

Ang Arts Commission ng San Francisco ay isinasagawa ang isang proseso ng pagpili upang makapili ng isang artist na lilikha ng isang iskultura para sa bagong Southeast Community Center sa 1550 Evans. Nakatayo



sa labas ng plasa ng Center, ang obra ng sining ay naglalayon ng malakihang antas, maging mahalagang palatandaan, gawing aktibo ang plasa sa buong araw at gabi, at salubungin at palahukin ang mga manonood mula sa malayo at malapitan. Apat na artist ang napili ng Lupon ng Pagpili sa Pampublikong Sining (Public Art Selection Panel) bilang mga pinal na kalahok upang magdisenyo ng mga panukala na partikular sa lugar para sa oportunidad na ito ng obra ng sining: Frederick Hayes, Mildred Howard, Adia Millett, at Xaviera Simmons.

PROSESO NG PAGPILI:

Iniharap ng kawani ng Arts Commission ang mga kuwalipikasyon ng 26 na artist na pinili mula sa Kahilingan para sa mga Kuwalipikasyon [Request for Qualifications (RFQ)] ng Proyekto sa

Pampublikong Sining na Iskultura sa Plasa ng Southeast Community Center. Ang lupon ay binubuo ng isang Arts Commissioner, dalawang miyembro ng pangkat sa pagdisenyo, dalawang kinatawan ng kliyenteng ahensiya, tatlong propesyonal sa sining, isang Southeast Community Facility Commissioner, at isang kinatawan ng komunidad. Ang Lupon ay sinuri at binigyan ng iskor ang mga artist na nasa maikling listahan at pinili ang apat na artist na may pinakamataas na iskor upang lumikha ng mga panukala para sa lugar: Frederick Hayes, Mildred Howard, Adia Millet, at Xaviera Simmons. Ang mga pinal na kalahok pagkatapos ay bumuo ng kanilang mga panukala para sa pagtatanghal sa Southeast Community Facility sa 1800 Oakdale mula Disyembre 6 hanggang Disyembre 13, 2019, Bayview/Linda Brooks-Burton Library mula Disyembre 13 hanggang Disyembre 20, 2019, at sa website ng Arts Commission para sa komento ng publiko. Ang mga komento ay gagawan ng buod at ibabahagi sa Lupon bago pa sa pinal na pagpili. *Mangyaring tandaan na ang mga komento ng mga interesadong miyembro ng publiko ay hindi bumubuo ng isang boto.*

Ang mga panukalang iniharap sa pagtatanghal na ito ay ang mga panimulang konsepto ng mga pinal na kalahok. Ang napiling panukala ay bubuun at pabubutihin pa upang matukoy ang pamamaraan ng paggawa, at matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pagiging posible, pagpapanatili, kaligtasan at iba pa, ayon sa kinakailangan. Lahat ng pinal na disenyo ay sumasailalim sa pag-apruba ng Arts Commission bago pa sa pagsasakatuparan.

OPORTUNIDAD PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO:

Mangyari lamang na maglaan ng ilang minuto para suriin ang mga panukala na nakalagay dito at kumpletuhin ang isang pormularyo ng komento na nasa likod ng notebook na ito. Maaari din ninyong ipadala ang inyong mga komento sa email sa sfacpublicartcomment@sfgov.org, o personal na dalhin/ipadala sa pamamagitan ng koreo sa 401 Van Ness Avenue, Room 325 bago ng Disyembre 20, 2019, 5 p.m.

Ang pulong ng Lupon ng Pinal na Pagpili (Final Selection Panel) ay gaganapin sa Martes, Enero 7, 1:00 a.m – 5:00 p.m. sa 401 Van Ness Avenue, Room 302. Bukas sa publiko ang mga pulong ng Lupon ng Pagpili ng Artist (Artist Selection Panel). Ang agenda para sa pulong ay ipapaskil nang maaga sa 72 oras bago ng pulong sa website ng SFAC na nasa ilalim ng seksiyon ng Public Meeting: www.sfartscommission.org/calendar.

Para sa higit na impormasyon, mangyaring kontakin ang: sfacpublicartcomment@sfgov.org, o tumawag sa (415) 252-2100. Materiales traducidos están disponibles para usted de manera gratuita. Para asistencia, notifique a sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100. 我們將為閣下提供免費的書面翻譯資料。如需協助，sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100. Ang mga materyales na nakasalin sa ibang wika at ang mga serbisyong tagapagsalin sa wika ay walang bayad. Para sa tulong, maaaring ~~kontakini-contact~~ [angsi](mailto:sfacpublicartcomment@sfgov.org) sfacpublicartcomment@sfgov.org, or ~~tumawag sa~~ (415) 252-2100.